

School Year 2021

《タガログ語版》

しん ろ の て び 進 路 の 手 引 き

Patnubay sa Akademya at Pagpipilian na Karera



とよはししきょういくいいんかい
豊橋市教育委員会

Toyohashi Secretary of Education

Index

1. Sistema ng Edukasyon sa Japan	1
2. Senior High School	
Pamublikong Senior High School	2
Kumbinasyon ng pangkat at grupo sa pagkuha ng entrance exam sa Pamublikong Senior High school	3
Pribadong Senior High Schools	4
Tulong ng pamahalaan sa Tuition fee para sa Pribadong Senior High School	5
Toyohashi Municipal Senior High School	6
3. Iba pang pagpipiliang karera	
Specialized training school Higashi Mikawa Vocational Training Institute of Aichi Prefecture, Pagtatrabaho	7
4. Q & A	
Academic & Career schedule	8
Pagkakaiba ng Junior High School , Pagkuha ng exam, kwalipikasyon, Text books, School Grades(<i>Naishinten</i>), Uniform, at iba pa	9
Pagtatrabaho habang nag-aaral, Part time job, paunang pagbisita sa paaralan	10
Desisyon para sa karera, Entrance examination subjects, Interview	11
Proseso ng Espesyal na pagpili para sa banyagang estudyante	12
Pagsasaalang-alang para sa banyagang estudyanteng papasok sa	
Part time Senior High	13
Vocational School	13
5. Personal na karanasan	14
6. Napakahalagang mga bagay	15


<Appendix>

Tulong Pangmatrikula para sa mga Mag-aaral sa Public Senior High School
【 Aichi Prefecture】

1. Sistema ng Edukasyon sa Japan

Ipinapaliwanag dito ang sistema ng edukasyon sa Japan.

Dito sa Japan, ang obligatoryong edukasyon ay 9 na taon (anim na taon sa elementarya at tatlong taon sa junior high school). Matapos makumpleto ang obligatoryong edukasyon, sa loob ng 100 na estudyante 99 ng junior high school graduates ay pumapasok sa senior high school (3 taon). Pagkatapos ng senior high school, sa loob ng 100 na estudyante 82 ang nagpapatuloy sa unibersidad (4 na taon), short course college (2-3 taon), o kaya ay technical schools (1-2 taon).



Bakit papasok sa Senior High School?

Sa Japan, ang bilang ng junior high school graduates na agad nagtatrabaho ay kaunti lamang, isa sa loob ng 100 katao. Ang dahilan nito ay mas pinipili ng mga kumpanya ang nakatapos ng senior high school, university at technical schools sa halip na tumanggap ng junior high school graduates.

Gayundin, mas nakararami sa Japan ang may pag-iisip na napakaimportante ng pagsulong sa kaalaman sa edukasyon at paghasa ng kakayahan sa paaralan. Higit pa rito, kasama ng pagpapatuloy sa pagsulong sa teknolohiya ng lipunan, ang pangangailangan para sa mataas na antas ng pangpropesyonal na trabaho ay dumadami at karamihan sa mga ito ay nangangailangan ng kwalipikasyon na karaniwan ay nakukuha sa senior high school. Bilang resulta, ang pagpasok sa senior high school ay makakatulong na mahanap ang sariling potensyal at palalawakin ang opsiyon sa karera para sa hinaharap.

2. Senior High School (Koukou)

May dalawang klase ng senior high school: Pampubliko at pribado. Ang mga senior high school ay karaniwang nagsasagawa ng klase mula Lunes hanggang Biyernes, mula higit kumulang 8:30 AM hanggang 4:00 PM. at may mga kursong nagbibigay ng elective technical subjects.

* Pampublikong Senior High Schools

Ang pondo ng pampublikong paaralan ay nanggagaling sa buwis na nakokolekta mula sa mga mamamayang naninirahan sa prepektura ng Aichi at mula sa mga mamamayang nagtatrabaho sa Aichi. Bawat estudyante ay maaaring kumuha ng exam sa pampubliko hanggang 2 paaralan (1 galing sa A Group at 1 galing sa B Group). Upang makapasa sa entrance exam ng senior high school sa loob ng Toyohashi, mahalaga ang mag-aral nang mabuti.

- Academic test: Japanese, Math, Social Studies, Science (45 minutes bawat subject)
English (Listening Test 10 mins. & Written exam 40 mins.)
- Interview: Isasagawa nang pang-indibidwal o 'di kaya ay bawat grupo, ang mga pangunahing tanong ay nakatuon sa iyong mga plano sa karera at espesyal na kakayahan. Ang oras ng interview at nilalaman ay maaaring mag-iba depende sa paaralan.

• *Examination Fee: 2,200 yen*

• *Enrollment Fee: 5,650 yen (Last year)*

• *Tuition Fee*

Noong April 2014, nagsimula ang high school tuition support fund system. Para sa mga kwalipikado, kailangang mag-apply, dalhin ang form ng aplikasyon at katibayan ng Municipal standard taxable income earnings (kazeishomeisho) sa senior high school pagkatapos ng pagpapatala. Mangyaring tingnan ang Appendix para sa detalye.

- Karagdagang impormasyon: Ang halaga ng mga school uniform at gym uniform ay higit kumulang 80,000 yen at ang mga libro ay karamihang nagkakahalaga ng higit kumulang 20,000 yen.

Kailangang maghanda ng higit kumulang 100,000 yen by the end of March.

Tinatayang gastos bawat buwan ('di kasama ang lunch fee)			
	Public Senior High School within Toyohashi City	Public Senior High School outside Toyohashi City	Senior High School with Boarding house
Tuition Fee	Bayarin bawat taon 118,800 yen (Maaaring bumaba ayon sa Support Fund)		
Class payment • Instalment Fees	Higit kumulang 6,000 yen		
Transportation		Higit kumulang 15,000 yen	
Boarding Fee • Meals Fee			Higit kumulang 30,000yen

**Public Senior High Schools' Combination for Exam
(Ang pagpangkat ay batay sa pagsusuri sa pasukan ng 2021)**

	A Group (March 7 and 8)	B Group (March 10 and 11)
Regular Course Mikawa Gun	Yutakagaoka Toyohashi Minami (Education Course available) Fukue (Social Welfare course, Tourism Business Course available) Kou Mito	Jishuukan Toyohashi Higashi (International Understanding Courses Available) Sei-shou Kozakai Gamagori Higashi Taguchi (Nature Exploration Course available)
Technical Course	Toyohashi Kōka Kōkō (Robot, Mechanical, Electronic Engineering Course) (Architectural design, Urban Engineering Course) Toyohashi Shōgyō (General: Business, International Business, Accounting, Information Systems) Toyohashi Minami (Lifestyle Design) Yutakagaoka (Lifestyle culture) Ko-u (Comprehensive Business Course) An-jou Nōrin (Agriculture and Horticulture) (Flower Science) (Food Science) (Biology/Animal Science) (Forestry and Environmental Studies) Asahi-gaoka (Art) Mei-wa (Music) Hou-ryou (Welfare and Social Work) (Healthcare) Mito (International study) Shinshiro Yūkyōkan Tsuku-de School (Social and Environmental Studies)	Toyokawa Kōka (General: Robot, Mechanical and Electronic Engineering Information design) Sei-shou (Comprehensive Business Course) (Lifestyle culture) Atsumi Nōgyō (Agriculture and Horticulture) (Food Science) (Lifestyle Science) Miya Suisan (Marine Science) (Telecommunications) (Marine Resource Science) (Fisheries and Food Production) Taguchi (Forestry)
Integrated Course	Gamagori	Toyohashi Nishi Shinshiro Yūkyōkan (Humanities Specialization)

* Pribadong Senior High Schools

Kapag naririnig ng mga tao ang mga salitang "private senior high school," karaniwang iniisip na mahal dito. Gayunpaman, sa Aichi Prefecture ay may ilang mga magulang na nakakakuha ng suporta ng bayad sa pag-aaral, **Tuition fees Reduction Support System** at / o **Subsidized System** para sa enrollment fee.

Sa pamamagitan nito, ang pagkakaiba sa mga gastos na nauugnay sa pagpasok sa alinman sa pampubliko o pribadong paaralan ay 'di nagkakatay. Gayundin, ang pag-aaral sa isang pribadong paaralan ng lungsod ay maaaring maging mas mura sa halip na mamasaha sa isang malayong pampublikong paaralan. Ang maraming mga pribadong paaralan ay nag-aalok ng mga espesyal na subject para sa mga nais na magpatuloy sa unibersidad at para sa mga nais magpatuloy sa karera pagkatapos ng senior high school. Maraming pribadong paaralan ay mayroon ding mga reputasyon para sa pagpapadala ng mga nagtapos sa mga respetadong korporasyon.

	Examination para sa recommended student	General Entrance Examination
	Nais ng mga pribadong paaralan na tiyaking determinadong mag-enroll sa kanilang paaralan. Gayundin, nais nilang tiyakin na ang inyong mga grado ay mabuti at kung gaano kalaki ang rekomendasyon sa punong guro ng Junior high school	
Academic written exam	Japanese, Math, and English Exam o 'di kaya ay essay or interview. (depende sa paaralan)	Sinasaklaw ng pagsusulit ang 5 pangunahing subject ng mga pangunahing kurikulum at panayam. (Gayunpaman, ang eksaktong mga subject ay maaaring magbago depende sa paaralan.)
Matapos maka pasa	Ang mag-aaral na pumasa sa prosesong ito ay kailangang mag-enroll sa paaralan.	Hindi kinakailangang pumasok sa pribadong paaralan kung nakapasa sa pagsusulit sa parehong pampubliko at pribadong paaralan.
Exam Fee	15,000 yen	
Enrollment Fee	Higit kumulang 200,000 yen	
Tuition	30,000 - 37,000 yen (buwanang halaga) Ito ay karaniwang binabayaran tuwing ika- 2 o 3 buwan. * Batay sa kinikita ng pamilya, maaaring makatanggap ng tulong pinansyal. Kabilang ang bayad sa pag-aaral, mga bayarin sa pasilidad, mga bayad sa PTA at iba pa, ang average na gastos sa bawat buwan para sa 1st yr. student sa isang pribadong paaralan ay humigit-kumulang ¥ 40,000.	
Class payment	Higit kumulang 12,000 yen	
Other	(School and Gym Uniform) ... 80,000 yen (Textbooks) ... 20,000 yen	

Sa simula ng Pebrero, kakailanganing maghanda ng higit kumulang 200,000 yen para sa bayad sa enrollment fee at sa katapusan ng Marso, kakailanganing magkaroon ng higit kumulang 200,000 yen para sa mga uniporme, mga aklat, atbp. Kung kaya't, kakailanganin magkaroon ng higit kumulang 400,000 yen sa sa katapusan ng Marso. (Ang halaga ay maaaring magbago depende sa paaralan)

*** Pangunahing Sistema ng Tulong para sa Private Senior High School 2021**

Senior High school(Full time•Part time) student

Ang application ay sa Senior High school na pinasukan.

1. Subsidy para sa Enrollment fee 【Hindi kailangang bayaran】

Ang bahagyang bahagi ng halaga ay tutustusan.

**2. Subsidy para sa Tuition fee (Kasama ang “National School Support Fund”)
【Hindi kailangang bayaran】**

Ang bahagyang bahagi ng tuition fee ay tutustusan.

**3. Tuition fees Reduction and Exemption, Special Operating Cost Support
【Hindi kailangang bayaran】**

Kapag nabawasan ang kita ng mga magulang sa kalagitnaan ng taon dahil sa pagkawala ng trabaho/pagkalugi at kapag ang kita ng magulang ay pasado sa mga kondisyon.

4. Student Loan 【Kailangang bayaran】

Ito ay para sa mga estudyanteng may financial problems. Maaaring magbayad ng 18,000 o 30,000 yen bawat buwan na walang interes. Pagkatapos ng loan period ng student loan, binabayaran sa loob ng 6 taon,10 taon o 12 taon nang installment.

5. Enrollment fee Loan 【Kailangang bayaran】

Kung bagong enrolled ng April, ipinahihiram ito bilang admission fund na walang interes.

* Toyohashi Municipal Senior High School (Ichiko)

Ang Toyohashi Municipal Senior High School ay nag-aalok ng part-time course na pang-araw (chūkan) at panggabi (yakan) at marami ring mga dayuhang estudyante na nag-aaral dito. Ang paaralan ay gumagamit ng unit system kung kaya kahit na ang mag-aaral ay hindi makakakuha ng lahat ng mga unit ng partikular na taon, maaari pa rin nilang ipagpatuloy sa sasusunod na antas ng grado hangga't makuha ang tiyak na unit.

Ang Day shift ay may dalawang schedule; early time and late time. Ang kanilang oras ng klase ay mas mababa kaysa sa ordinary private at senior high school at ang mag-aaral ay karaniwang nagtatapos sa 4 na taon. Sa kabilang banda, ang mga estudyante ay maaaring kumuha ng karagdagang espesyal na klase upang makakuha ng karagdagang unit upang makapagtapos ng 3 taon.

Ang klase sa panggabi (yakan) ay magsisimula pagkatapos kumain ng school dinner ang mga estudyante. Kung nais ng mga estudyante na magtapos ng 3 taon, maaari rin kumuha ng karagdagang unit sa pamamagitan ng pagkuha ng mga espesyal na klase tulad ng mga mag-aaral na nag-aaral sa pang-araw (chūkan).

Ang malawak na pagpili at iba't-ibang sistema ng pamamaraan sa pagtuturo tulad ng small classes ay ginaganap sa paaralang ito upang ang estudyante ay personal na matutukan at mabigyang pansin. Pagkatapos makagraduate, may nagpapatuloy ng pag-aaral sa college o vocational school at mayroon ding nagtatrabaho.

Ang Toyohashi Municipal Senior High School ay pinopondohan ng lungsod ng Toyohashi at nag-aalok ng mababang bayad sa tuition fee. Ang mga mag-aaral na hindi nagnanais na bigyan ng pag-aalala ang kanilang mga pamilya sa pananalapi ay isinasaalang-alang ang paaralang ito.

Bukod sa bayad sa tuition fee, kakailanganin ng humigit-kumulang na 4,000 yen hanggang 5,000 yen bawat buwan. Sa enrollment, kailangang maghanda ng humigit-kumulang na 40,000 yen para sa mga materyales sa pag-aaral. Para sa pang-araw (chūkan), kinakailangan ang school uniform na nagkakahalagang humigit-kumulang na 50,000 yen ~ 60,000 yen.

- Entrance examination Fee ... 950 yen
- Enrollment FeeFree
- Tuition Fee2,000 yen (depende sa kinikita)

Samakatuwid, kakailanganing maghanda ng halagang nakasulat sa ibaba sa katapusan ng Marso.

- Pang-araw (chūkan)...humigit-kumulang 100,000 yen
- Panggabi (yakan)humigit-kumulang 50,000 yen

3. Iba pang Pagpipiliang Karera

*** Special Training Institution**

Sa ganitong uri ng paaralan, magkakaroon ng pagkakataong makapagtatag ng kakayahan na magagamit sa trabaho sa hinaharap o sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga paaralang ito ay nag-aalok ng mga kursong home economics, culinary arts, communication, pagdidisenyo at iba pa.

Sa Toyohashi city, mayroong isang public school na tinatawag na "Toyohashi Kasei Specialized Training School " na nag-aalok ng ganitong uri ng kurikulum

©Toyohashi Kasei Specialized Training School

(Toyohashi Kasei)

- Panahon... 3 taon
- Mga kwalipikasyon at lisensyang pwedeng makuha: Kwalipikasyong mag-apply sa university, chef license, "The Tea Ceremony" at flower arrangement certificate, Food sanitation supervisor License, Business writing Proficiency Test at mga tulad nito.

*** Aichiken Ritsu Higashi Mikawa Technical School**

Sa paaralang ito, tumutulong mapa-unlad ang kakayahan at nagsasagawa ng bokasyonal na pagsasanay. Para sa mga batang nais magtrabaho ng may kalaman sa konstraksyon, tumatanggap ng higit kumulang na 20 estudyante para sa General Construction course bawat taon at ang training period ay 2 taon. Ang sakop ng entrance exam ay Japanese, Mathematics at interview. Para sa nais pumasok sa paaralang ito ay mangyari po lamang na kumonsulta sa inyong homeroom teacher dahil may mga papeles na kailangang isumite sa Employment Security Office.

Gayundin, para sa mayroong kapansanan, nagbibigay ng Vocational training sa "Aichi Vocational Skill Development School" para sa mga may kapansanan sa Toyokawa City. Upang magpatala sa paaralang ito, kailangang magsumite ng ilang mga form sa Employment Security Office

*** Pagtatrabaho**

Para sa nais na magtrabaho pagkatapos makagraduate ng junior high school, kailangang magsagawa ng konsultasyon kasama ang pamilya, homeroom teacher at Employment Security Office. Mangyari po lamang na ipaalam sa homeroom teacher ang tungkol dito. Gayunpaman, para sa inyong kaalaman ang pangangailangan para sa Junior high graduates na mga manggagawa ay napakababa (sa taong 1995, ang Employment Security Office ay nag-aalok ng 242 na trabaho, ngunit sa taong 2021, Marso, mayroong 2 kumpanya na tumanggap ng 5 katao. lamang sa Toyohashi City / Tahara City)

Magtanong sa pamilya, mga kaibigan at mga kapitbahay kung may alam ng anumang mga trabaho na maaaring pasukan. Kailangang ding makahanap ng trabaho sa pamamagitan ng sariling sikap.

4. Q & A

Q: Hindi ko alam ang Sistema ng entrance exam sa Japan at hindi ko alam kung kailan at ano ang dapat gawin. Maaari po bang malaman ang mga iskedyul ng pagpapalano ng karera ng isang tipikal na estudyanteng 3rd yr. junior high school?

April	Academic achievement test	
May	Periodical Test I	
June	Career Options Information Session Survey para sa papasukang Senior HS (1) Periodical Test II	-Nakatuon sa Private senior high schools. May pupuntang guro galing sa private senior high schools upang magpaliwanag.
July	Parents and Teachers Meeting	
August	Open school sa Senior High School (obserbasyon)	-Ang ibang paaralan ay nagbibigay ng Ability Test sa katapusan ng August. -Tuloy pa rin ang open school matapos ang August. Idaan ang pag-aplay sa Junior high school.
September	Survey para sa papasukang Senior HS (2) Ability Test	
October	Periodical Test III	
November	Ability Test (3 rd yr. lang) Career Options Information Session Periodical Test IV	-Nakatuon sa Public Senior high schools. May pupuntang guro galing sa Public senior high schools upang magpaliwanag.
December	Survey para sa papasukang Senior HS (3) Parents and Teachers Meeting	-Final na desisyon para sa private senior high school entrance exam.
January	Periodical Test V Parents and Teachers Meeting Private school's entrance exams para sa Recommended students (Jan.26)	- Final na desisyon para sa public senior high school entrance exam.
February	Private school's General Entrance exams (FEB.1,2,3)	※ Simula sa 2023 general entrance exams ay magkakaroon ng pagbabago sa sistema ng public senior HS general entrance exams. Para sa mga impormasyon/detalye, mangyari po lamang na magtanong sa junior high school.
March	Graduation Ceremony (Mar.3) Tentative Part-time High School Entrance Exams (Ika-1) (MAR.4) Public school's General Entrance Exams Part-time High School Entrance Exams (Ika-2) (MAR.25)	⇒ Group A: Test (3/7) Interview (3/8) Group B: Test (3/10) Interview (3/11)

* Depende sa junior high school, ang pangalan, bilang at ang oras ng test ay maaaring magkaiba nang kaunti.

* Tungkol sa mga kaganapan sa paaralan ng taong ito (School year 2021) maaaring magbago ang nakasulat na iskedyul sa itaas.

Q: Anong pinagkaiba ng Junior High school at Senior High school?

Ang malaking pagkakaiba ay ang Junior high school ay obligatoryong edukasyon at walang repeater na estudyante. Samantala, sa Senior high school ay kapag masyadong mababa ang marka at maraming liban sa klase ay hindi maaaring magpatuloy sa susunod na taon o kaya'y hindi makakagraduate. Ang pagpasok sa Senior high school ay upang mapahusay ang sariling interes at kakayahan. Kung kaya't kailangang sariling desisyon kung saan papasok, at kung hindi seryoso sa pag-aaral ay hindi makakatapos.

Q: Anu-anong mga kwalipikasyon ang kailangan upang makakuha ng entrance exam sa Senior High school?

Ang sinumang higit sa 15 taong gulang at pumasok sa Elementarya at Junior High School (kabuuang 9 na taon) sa Japan o sa ibang bansa ay karapat-dapat na kumuha ng entrance exam ng Senior high school

Q: Paano ang mga aklat? Saan bibilhin ang mga ito?

Ang paaralang Elementary at Junior High school ay binibigay ang mga libro ng libre. Gayunpaman, hindi pareho sa Senior high school. Pagkatapos magpa-enroll, bibilhin ito ayon sa tagubilin ng paaralan. Higit kumulang ng 20,000 –30,000 yen.

Q:Ano ang ibig sabihin ng “NAISHINTEN” (School report card)?

Ang salitang "Naishinten" ay kadalasang ginagamit sa paaralan ngunit ang pormal na pangalan nito ay, "Chōsasho hyōtei". Ito ay katumbas ng isang rekord ng kabuuan ng marka (5 pts. scale) sa paaralan. Napakahalaga ng mga pinagsamang marka ng 3rd yr., dahil ang pagpasa / pagkabigo ay batay sa magkasamang pagsusuri ng academic achievement test at "Chōsasho hyōtei(naishinten)" sapagkat ito ang pagbabasihan upang makapasok sa Senior high school.

Q: Mandatory po ba ng school at gym uniforms? Magkano po ang aabuting halaga?

Karamihan ng senior high schools ay nakatalaga ang mga sariling kasuotang pampaaralan, P.E. uniform at sapatos. Depende sa paaralan, may kaunting pagkakaiba ang presyo ng mga uniporme at sapatos na may sumatotal na higit kumulang 100,000 yen. Kailangang bumili ng uniporme kapag nagpa-enroll. Kung kaya kailangang maghanda ng pambayad sa enrollment fee, uniporme at textbook fee. May mga paaralan ding hindi kinakailangan ang uniform para sa part-time (night shift course) at correspondence senior high school (home based study)

Q: Dahil sa kahirapang pang-ekonomiya, maaari bang mag-trabaho habang nag-aaral?

Maraming mga mag-aaral na gustong magtrabaho habang nagpapatuloy sa kanilang pag-aaral. Kapag part-time school (panggabi), maaari magtrabaho sa umaga at pumasok sa paaralan sa gabi. Sa Toyohashi city, may 2 paaralan na maaaring pasukan: Toyohashi Municipal Senior High School (Ichiko) at Toyohashi Kōka Kōkō. Sa kalapit na lungsod, part time (panggabi): Gamagori Senior High school (Gamogori City, Ue Honmachi) at Arai Senior High School (Kosai City, Araicho).

Ang mga paaralang ito ng part-time ay orihinal na itinayo para sa mag-aaral na gustong magtrabaho habang nag-aaral. Kaya kung nagtatrabaho (part time) nang higit sa 90 araw o higit pa sa isang taon, makakatanggap ng tulong pang-pinansyal para sa mga textbook at iba pang mga pangangailangan sa paaralan. Mayroon ding mga paaralang pang-home base system kung saan maaaring makakuha ng degree na Senior High School (halimbawa, Kenritsu Kariya Higashi Senior High School at Aichi Sangyō Daigaku Mikawa Senior High School.

Q: Matapos mag-enroll sa senior high school, nagpaplanano ako makakuha ng part time na trabaho. Magiging ok po ba ito?

Para sa isang part-time na paaralan, pangunahing premiso na magtrabaho habang nagpapatuloy sa pag-aaral. Kung kaya inirerekomenda na makakuha ng part-time na trabaho. Gayunpaman, para sa full-time senior high school, kakailanganin ang pahintulot ng paaralan bago makakuha ng isang part-time na trabaho. Pagkatapos mag-enroll, makipag-usap sa iyong mga guro at magtanong.

**Q: Ano ang ibig sabihin ng “Open School”?
Kung pupunta ako, ano ang dapat kong pag-ingatan?**

Ang isang “Open School” ay ang pagkakataon na bisitahin ang mga senior high school at vocational school upang maranasan kung ano ang mga karaniwang uri ng klase at club at paglilibot sa paaralan. Kung interesado at naiisip kung anong ginagawa sa klase ng Kōka Kōkō o kung ano ang natututunan sa isang Shōgyō Kōkō school, at kung interesadong magpatuloy sa Senior high school, inirerekumenda na pumunta sa open school sa ilang mga senior high school.

Ang application form para sa open school ay binibigay sa junior high school. Isulat ang mga impormasyong kailangan at ipasa sa homeroom teacher. Maaaring bumisita sa iba’t-ibang paaralang gusto mong puntahan. At kung nakapagpasa ng application form, siguruhing puntahan at huwag mag-aabsent. Tandaan na magsuot ng naaangkop (magsuot ng iyong uniporme sa paaralan) at isipin ang iyong asal sa panahon ng iyong mga pagbisita.

Q: Kailan bang ako dapat ang magpasya tungkol sa aking mga plano sa hinaharap?

Kailangang magdesisyon hanggang October kung magpapatuloy sa pag-aaral o magtatrabaho. Kung magpapatuloy sa pag-aaral sa senior high school, ang mga pagpipilian ay nakalista sa ibaba at ang nilalaman ay pag-uusapan sa pulong ng mga magulang at guro sa Disyembre.

- A: Sa Private Senior High schools lamang magte-take ng exam.
- B: Sa Public at Private Senior High schools magte-take ng exam.
- C: Sa Public Senior High schools lamang magte-take ng exam.
- D: Sa Technical o Vocational Senior High schools magte-take ng exam

Q: Ilang mga pagsusulit sa academic (subject) ang ibinibigay?

May pagkakaiba ang bawat paaralan. Sa general exam sa public school, may written exam sa unang araw sa limang subject; Japanese, Math, Social Studies, Science at English. At sa pangalawang araw ay may interview test. Sa general exam sa Private Senior High school ay may exam din sa nasabing limang subjects, subalit para sa recommended students ay karaniwang exam sa Japanese, Math, English at interview. May ilang paaralang nagpapasulat ng essay. Magtanong sa teacher sa Junior high school tungkol sa entrance exam para sa paaralang kukuhanan ng test.

Q: Paano isinasagawa ang interview?

Ang lahat ng mga mag-aaral na magte-take ng exam sa public senior high school ay sasailalim sa interview. Sa interview, kadalasang itinatanong ang dahilan kung bakit nais maka pasok sa kanilang paaralan at ang tungkol sa pamumuhay sa junior high school. Ang paaralan ang magpasya ng oras at estilo kung individual o group interview.

Ang interview para sa Recommended students at General exam ay gagawin nang magka-hiwalay. Gayunpaman, ang resulta ng interview para sa recommended exam ang gagamitin kapag kumuha ng general exam. Gayundin, sa Recommended exam ay kailangang sabihin ang tungkol sa kanilang katangian sa interview sa loob ng isang minuto.

Karamihan sa junior high school ay nagbibigay ng espesyal na pagsasanay para sa interview. Kung may nais malaman ay magtanong sa mga teacher sa junior high school.

Q: Anong ibig sabihin ng “Special Examination Process” para sa foreign students sa Toyohashi Nishi Koukou at Toyokawa Kōka Kōkō ?

★Espesyal na pagsusuri para sa Foreign students

Ang Prefectural Toyohashi Nishi Koukou at Prefectural Toyokawa Kōka Kōkō ay may prosesong espesyal na pagsusuri para sa foreign students at *repatriate students galing sa China*. Ang mga Foreign students na makakapasa sa exam at matatanggap sa paaralan ay makakatanggap ng special Japanese Lesson at Subject instruction support. Ang mga estudyanteng maaaring mag-apply ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod na kwalipikasyon: Naninirahan sa Aichi prefecture kasama ang magulang/guardians, foreign nationality at estudyanteng dumating o bumalik sa Japan noong siya ay Grade 4 pataas. Ang batang dumating o bumalik ng Japan nang grade 3 pababa at may valid reason ay maaari ring maging qualify, gayundin naaangkop ito sa mga estudyanteng may kabuuang panahon ng pamumuhay sa Japan nang mas mababa sa 6 na taon mula dumating sa Japan.

Ang schedule ng exam ay pareho sa Recommended examination. Ang paaralang ito ay kailangang maging unang priority maging sa general exam. Sa makatuwid, kailangang kumuha ng general exam sa 5 subjects at sasailalim sa interview sa susunod na araw. At sa araw ng interview, magtatake ng exam para sa special examination process para sa foreign students (45 minutes, with Japanese Furigana) sa pinagsamasamang basic content ng Japanese, Math at English. Sa interview, tatanungin ang estudyante tungkol sa nakasulat sa recommendation letter at kailangang magsalita tungkol sa sariling katangian (halos 1 minuto).

Susuriing muli ang mga ipinasang dokumento, resulta ng exam at interview bago ang pagpapasya para sa school rank order ng matatanggap na aplikante para sa pangkalahatang pagpili.

Ang mga estudyante na hindi nakapasa sa espesyal na pagsusuri ay awtomatikong idaragdag sa listahan ng general examination. Bilang karagdagan, ang estudyante ay maaaring makakuha ng pagsusulit sa kanyang 2nd choice para sa general exam sa oras na ito. Ikonsulta sa mga guro ang mga detalye ukol sa proseso.

Q: Totoo ba na may Japanese Furigana sa exam ng part time school? Ano ito?

Sa entrance examination para sa part-time course sa isang pampublikong high school, sa bawat isa sa first-half selection at second-half selection, ay may Japanese furigana (hiragana sa kanji) at maaaring magkaroon ng indibidwal na interview kung kwalipikado sa mga sumusunod na kondisyon:

- (1) Foreign nationality o mga estudyanteng may espesyal na kalagayan tulad ng ang mga magulang ay may foreign nationality.
- (2) Estudyanteng dumating o bumalik sa Japan noong Grade 4 pataas, estudyanteng dumating sa Japan noong Grade 3 pababa at may valid reason, o ang kabuuang panahon ng pamumuhay sa Japan ay mas mababa sa 6 na taon. Para sa malinaw na detalye, magtanong sa guro sa junior high school.

Q: Interesado ako sa mga computer. Mayroon bang anumang paaralan na akma sa aking interest?

May ilang computer vocational school. May business course, information technology course at iba pa, depende sa paaralan, magkakaiba ang tawag. Maaaring matuto mula sa pangunahing kaalaman sa paggamit ng business software hanggang sa information system knowledge and skills. May ilang mga vocational school na nag-aalok din ng senior high school course.

Maliban sa computer, may ilang vocational school na maaaring makakuha ng lisensya para sa chef, fashion designer at electrician na maaaring mapakinabangan sa hinaharap.

Ang tuition fee para sa vocational school ay may kamahalan dahil ito ay paaralan ng private enterprise. Maliban sa tuition fee, kailangan din ng karagdagang halaga para sa technical knowledge at materials fee. At kung sa paaralang may senior high school course, kailangan din ng karagdagang kabayaran.

Depende sa paaralan, ang halaga ng entrance exam ay may pagkakaiba, higit kumulang 15,000~20,000 yen. Sa enrollment, bukod sa enrollment fee, maaaring kailanganing bayaran ang training fee at facility fees. Maaaring kailanganin ding bumili ng mga tools tulad ng knife set at gunting, depende sa kursong pag-aaralan.

Ang bayad sa paaralan para sa unang taon ay mula 1,000,000~1,500,000 yen. Kailangang alamin ang kabuuang gastos hanggang makagraduate at magtabi ng pera. Maaari ring mapakinabangan ang school subsidy system. Magtanong sa guro kung nais malaman ang detalye ng sistema.

5. Personal na Karanasan

Ako ay Grade V nang unang dumating sa Japan. Nag-alala ako noon dahil wala akong alam sa salitang hapon at kultura ng Japan. Sa kabila ng kahirapan, natutunan ko ang salitang hapon at nasanay sa buhay sa paaralan. Makalipas ang isang taon, dahil sa kalagayan ng pamilya ay kinailangan naming bumalik sa aming sariling bansa at doon magpatuloy ng pag-aaral. Bumalik kami muli sa Japan ng buwan ng Enero noong ako ay second year junior high school.

Kahit nakakaintindi ako ng kaunting Japanese dahil ito ay pangalawang pagkakataon ko sa Japan, mahirap para sa akin ang makayanan ang pag-aaral. Nagkaroon ako ng ilang kaibigan ngunit wala akong ideya tungkol sa issue sa senior high school. Nakadama ako ng kalungkutan araw-araw dahil maging ang mga magulang ko ay walang alam sa sistema ng pag-aaral sa Japan. Iyon ang panahong kinausap ako ng class adviser at teacher sa kokusai (international class).

Inanyayahan nila ang isang interpreter at sinabi ko sa kanya na hindi ko na alam ang aking gagawin. Napakabuti nila at pinakinggan ang aking istorya. Pinayuhan nila kaming pumunta sa “Consultation on Career for foreign student” na ginaganap sa City Hall at ipinaliwanag din nila sa parents and teachers meeting ang tungkol dito. Kaagapay ang mga tulong ng mga taong nasa aking paligid, nagsikap ako ng pag-aaral upang makapasa sa entrance exam sa senior high school.

Nagpapasalamat ako dahil nakapasa ako sa entrance exam ng paaralang gusto kong pasukan at kasalukuyan, sumali ako sa English club. Sumali ako sa club na ito dahil gusto kong maging independent at pangarap kong magtrabaho sa isang hotel na maraming foreigners. Nais kong matupad ang aking pangarap kung kaya’t nag-aaral akong mabuti upang makapasa sa Eiken (English Proficiency Test).

Nais kong iparating sa inyong lahat na “Kung gusto, may paraan”. Kahit na ang mga miyembro ng inyong pamilya ay hindi alam ang tungkol sa sistema ng Japan, tiyak na may isang taong makakatulong sa iyo. Kahit na hindi ka magaling makipag-usap sa salitang hapon, maging matapang at subukang makipag-usap sa mga guro at kaibigan. Siguradong makakahanap ka ng ilang mga clue. Papunta palang ako ngayon sa kwento ng tagumpay sa pagkamit sa aking mga pangarap. Halina at sabay nating abutin ang ating mga pangarap!

6. Ang Pinakamahalagang Bagay

Taong 1990 nang unang pumasok ang mga foreign student sa Toyohashi elementary at junior high school. Sa kasalukuyan, may higit 2000 banyagang estudyante at dumarami na ang mga batang nag-iisip para sa kinabukasan sa Japan at nagpapatuloy sa pag-aaral. May nagpapatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo, may nagtuturo sa paaralan ng Japan at mayroon ding mga nagtatrabaho sa munisipyo. Sa kabilang banda, isang katotohanan ang dahil sa pagkakaiba ng salita, kultura at kaugalian, may mga batang nawawalan ng gana sa pag-aaral at tumitigil sa pagpasok sa paaralan.

Maraming pagkakaiba ang sistema ng edukasyon sa Japan at sistema ng edukasyon sa ibang bansa, kung kaya't kahit matagal nang nananatilli sa Japan ang mga magulang ay madalas pa ring nalilito. Lalo na ang mga magulang na kararating lamang, mas maraming hindi nalalaman at mga problema. Subalit sa kahit anumang sitwasyon, ang pinakamalahaga ay ang gagawa ng pundasyon ng buhay, at ito ay ang edukasyon para sa mga bata.

Sa Japan, dahil ang obligatoryong edukasyon ay hanggang 15 yrs.old, hindi pinapayagang huminto sa pag-aaral o magtrabaho ang mga mag-aaral. Ito ay dahil ang edad na hangggang 15 yrs. old ay nangangailangan ng edukasyon. Upang makapasok sa senior high school sa Japan, kailangan ng graduation certificate galing sa junior high school sa Japan o sa ibang bansa.

Isang pagkakataon, may estudyante ng junior high school na huminto at pagkalipas ng ilang taon ay humingi ng payo sa amin dahil nais muling bumalik sa pag-aaral. Subalit kapag hindi nakatapos ng junior high school sa Japan o sa ibang bansa, kailangan ng lubos na pagsisikap.

Para sa mga magulang, huwag pong hayaan na huminto kaagad sa pag-aaral ang inyong anak. Kung sakaling may problema, humingi ng payo sa paaralan o secretary of education. Sama-sama po nating hanapan ng solusyon ang problema.

Dito sa Toyohashi Secretary of Education ay may tanggapan para sa pagbibigay ng payo at sagot para sa katanungan tungkol sa usapang pang-edukasyon. Ang pagbibigay-payo na may interpreter ay ang sumusunod na iskedyul. Huwag pong mag-atubiling pumunta.

Lugar: City Hall 11th floor "Tanggapan ng Konsultasyon Para sa Banyagang Mag-aaral"
Tel.no: 0532-51-2077

• Konsultasyon sa Edukasyon na may Portuguese interpreter	Mon. ~ Fri.	9:00~15:30
• Konsultasyon sa Edukasyon na may Spanish interpreter	Tues.	11:00~15:30
• Konsultasyon sa Edukasyon na may Tagalog interpreter	Mon. at Weds.	11:00~15:30
• Konsultasyon sa Edukasyon sa Easy Japanese	Mon.~ Fri.	13:00~17:00

